**BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 11**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Tamang Pagsusuot o Paggamit ng Medical Mask".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 11**

Sources: Department of Health & Department of Interior and Local Government (April 2020)

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Joy ng Pasay City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, kailan po ba dapat ako magsuot ng medical mask?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Joy!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Bilang kasagutan sa iyong tanong,

⚠ Ayon sa Department of Interior and Local Government (DILG), REQUIRED na po ang pagsusuot ng FACEMASK tuwing lalabas tayo ng ating bahay 😷. Ngunit, upang makiisa sa ating mga kababayan, gumamit tayo ng REUSABLE FACEMASK o face mask na nalalabhan at muling nagagamit.

Hangga't maaari, iwasan nating gumamit ng medical mask dahil ito ang ginagamit ng ating mga frontliners at mga taong maysakit.

‼ Mahalaga rin na ikaw ay magsuot ng FACEMASK kung:
(1) Ikaw ay may ubo't 🗣 sipon 😪, respiratory symptoms 🤒, o nahihirapang huminga. 😫
(2) Ikaw ay may inaalagaang kapamilya na may ubo't sipon o respiratory symptoms. 🤒

**IV.✊ HAMON**

Syempre, kung gagamit tayo ng face mask, ugaliin natin ang tamang pagsusuot at pagtatapon nito (kung ito ay medical mask): ✔️☐🗑️

(1) Isuot ang facemask gamit ang earloop ➰👂. Siguraduhing maayos itong nakalapat sa ilong 👃, bibig 👄, at baba. (Ang may kulay ang nasa labas. 😉)

(2) Kung nabasa 💦 o nadumihan ang iyong MEDICAL MASK, itapon natin ito agad at palitan. 🗑️ (Oops! Huwag nating hahawakan ang face mask ❌✋😷. Gamitin ang earloop sa pagtatanggal nito. 👂➰)

(3) Hindi dapat gamitin ng higit sa walong oras ❌🕗 ang MEDICAL MASK. Hindi rin ito maaaring gamitin muli o hugasan ❌💦😷. (Kung reusable ang iyong facemask, labhan ito upang mapatay ang germs, bacteria, at virus na maaaring nakakapit dito.)

(4) Siguraduhin na labahan ang REUSABLE o TELANG MASK gamit ang tubig, sabong panlaba, at kaunting bleach. 😷🧺🧼

(5) Kung ito ay MEDICAL MASK, pagkatapos tanggalin at itapon ito😷🗑️, maghugas ng kamay gamit ang tubig at sabon o sanitizer na may 70% solution. 🧼➕🤲

Bukod sa paggamit ng face mask, marami pa tayong pwedeng gawin upang maiwasan ang COVID-19.

Alagaan ang ating katawan sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay 🧼 o paglalagay ng alcohol ➕, pagdistansya sa ibang tao 👧 👩, at pagtatakip ng bibig o ilong kung uubo o sisinga. 🤭

Siguraduhin din nating kumain ng masustansyang pagkain 🍊, uminom ng maraming tubig 🥛, mag-ehersisyo 🏋️‍♂️, at matulog nang wastong oras. 😴

Ating tandaan ang dalawang bagay na ito:

Mask is a must. 😷

At, ang malakas nating resistensya ang proteksyon natin sa COVID-19. 👊⚔️😉

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga dahilan kung kailan maaaring mag-suot ng facemask?
🔎 Tama o Mali. Mag-suot ng mask kahit walang sintomas ng COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Hindi pwedeng ipanghalili ang panyo o tela.
🔎 Anu-ano ang tamang paraan ng pag-gamit ng medical mask?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa "Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."